





# Mga Kuwento tungkol sa Binyag

*“Ang pioneer ay isang taong unang gumawa ng isang bagay,” sabi ni Inay.*

**Ni Noelle Lambert Barrus**
(Batay sa tunay na buhay)

*Ang kuwentong ito ay naganap sa USA.*

Umikot si Mary at humanga sa kanyang puting damit sa salamin. Iyon din ang damit na isinuot ng kanyang ina sa kanyang binyag. Inayos ito ng lola-sa-tuhod ni Mary na si Marluce para kumasya ito sa kanya. Ngayo’y maisusuot na ito ni Mary para sa kanyang sariling binyag!

“Ang ganda mo!” Kinuha ni Inay ang kamay ni Mary at muli siyang pinaikot.

Bumungisngis si Mary. “Puwede ko po ba itong isuot sa buong maghapon?”

“Itago natin ito para sa iyong binyag para manatiling maganda at malinis, OK?” sabi ni Inay.

“OK po.” Mabibinyagan si Mary kapag walong taong gulang na siya, at matagal na siyang naghahanda. Pumupunta siya sa Primary, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, at nagpupunta pa sa mga binyag ng kanyang mga kaibigan. Ngunit ang kanyang kaarawan ay parang napakalayo pa rin!

Yumakap si Mary kay Inay sa sofa. “Inay, ilang taon po kayo nang mabinyagan ka?”

“Ako ay 16 na taong gulang noon.”

“Naku! Bakit po kayo naghintay nang napakatagal?”

Mahigpit na niyakap ni Inay si Mary. “Dahil hindi ko alam ang tungkol sa ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo hanggang noong panahong iyon. Pero nagsimula akong magpunta sa mga aktibidad ng Simbahan kasama ang ilang kaibigan. At habang mas natututo ako, lalo kong ginustong magpabinyag!”

“Bakit?” tanong ni Mary.

“Dahil gusto kong magkaroon ng walang-hanggang pamilya.” Itinuro ni Inay ang larawan ng templo na nakabitin sa itaas nila. “Nalaman ko na balang-araw maaari akong mabuklod sa aking pamilya sa templo magpakailanman. Pangarap ko noon na magkaroon ng walang-hanggang pamilya. At binyag ang unang hakbang! Ngayo’y natutupad na ang pangarap ko.”

Ngumiti si Mary. “Mayroon kang Itay, Mallory, at sanggol na si Maeva! At siyempre, ako rin.”

“Opo naman. At si Lola Angela.”

“Sabay po ba kayong bininyagan ni Lola?”

“Naghintay siya nang ilang taon. Pero tuwing naglalakbay kami malapit sa mga templo, gusto naming tumigil at tingnan ang mga ito.”

Inisip ni Mary sina Inay at Lola na magkasamang nakatingin sa mga templo. “Si Itay po? Ilang taon siya noong bininyagan siya?

“Siya ay 11 anyos noon.”

“At nakatira po siya noon sa Brazil?”

“Tama,” sabi ni Inay. “May mga tao sa buong mundo na nag-aaral tungkol kay Jesus at sa binyag. Marami sa kanila ay mga pioneer.”

“Mga pioneer?”

“Ang pioneer ay isang taong unang gumawa ng isang bagay,” paliwanag ni Inay.

Pinag-isipan ito ni Mary. “Tulad ng kung paano po kayo naging unang tao sa inyong pamilya na nagpabinyag?”

Tumango si Inay at ngumiti.

Noong sandaling iyon, pumasok si Itay sa silid at nakisiksik sa sofa.

“Itay, pioneer po ba kayo ng pamilya ninyo?”

“Parang ganoon na nga. Matapos akong mabinyagan, nalaman ko na si Lola Rosimere ay miyembro na ng simbahan natin! Pero ilang taon na siyang hindi nagsisimba noon.”

“Talaga po? Ano’ng nangyari?”

“Nagsimula akong magsimba. Pagkatapos ay nagsimulang magsimba ang mga kapatid ko, pagkatapos ay si Lola Rosimere rin. Kahit ang iyong lola-sa-tuhod na si Lola Marluce ay sumama rin!”



MGA LARAWANG-GUHIT NI TAMMIE LYON

Inisip ni Mary ang pagsisimba nang mag-isa ng kanyang ama, at pagkatapos ay ang pagsasama nito ng mas marami pa sa kanyang pamilya.

“Wow,” sabi ni Mary. “Gusto ko pong naririnig ang mga kuwento ninyo. Lalo akong nasabik na magpabinyag dahil sa mga ito.”

“Salamat sa pagtatanong sa amin ng lahat ng ito, Mary,” sabi ni Itay. “Ngayon, puwede ka ba naming tanungin?”

Tumango si Mary. Ano ang itatanong nila?

“Bakit gusto mong magpabinyag?”

Pinag-isipan ni Mary ang natutuhan niya mula sa mga banal na kasulatan at ang nadama niya sa simbahan. “Dahil gusto ko pong sundin si Jesus at makasama ang aking pamilya magpakailanman.”

Parehong ngumiti sina Inay at Itay, at niyakap ni Mary ang kanyang mga magulang. “Hindi na ako makapaghintay!” ●